


Arts

Unang Markahan – Modyul 2: Contrast sa Kulay at Hugis sa Isang Likhang Sining



Arts – Ikalawang Baitang
Alternative Delivery Mode

Unang Markahan – Modyul 1: Contrast sa Kulay at Hugis sa Isang Likhang Sining
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Annabelle I. Tala
Editor:	Nelson Oliva
Tagasuri:	Saturnino D. Dumlao, Engelbert Agunday
Tagaguhit:	Ivy P. Evangelista
Tagalapat:	Sweet Hazel E. Dordines
Tagapamahala:	Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Engelbert Agunday, Felegina Bugay, Jose C. Tala

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon – Region III

Office Address: Matalino St., Diosdado Macapagal Government Center,
Maimpis, City of San Fernando

Telefax: (045) 598-8580 to 89

E-mail Address: region3@deped.gov.ph

Arts

Unang Markahan – Modyul 2:
Contrast sa Kulay at Hugis sa Isang
Likhang Sining

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay inihanda para sa iyo upang malinang ang iyong kaalaman, kasanayan at likas na pagkamalikhain na inyong mga natutunan sa nakaraang aralin. Ito ay tumatalakay sa kaibahan sa pagitan ng mga hugis at kulay ng mga gawain at gawa ng Iba. Dito ay matututunan ninyo ang pagkakaiba at pahalagahan ang inyong gawa at gawa ng iba.

Sa Modyul na ito, inaasahang matutunan mo ang mga sumusunod:


- Gumawa ng Hugis at Kulay na kakaiba sa iba,
- Pahalagahan ang sariling gawa at gawa ng iba,
- Linangin ang kasanayan sa pag-gawa ng hugis at kulay; at
- Pagtibayin ang imahinasyon upang makagawa ng kakaibang obra. **(A2EL-Ib)**



Subukin

Panuto: Iguhit sa patlang ang hugis na inilalarawan sa bawat pangungusap. Piliin sa loob ng kahon ang iyong sagot. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- _____ 1. Tuwid na linyang patayo.
- _____ 2. Tuwid na linyang pahiga.
- _____ 3. Pakurbang linya na paalon-alon.
- _____ 4. Linyang paikot na nagtatagpo sa tuldok na pinagmulan.
- _____ 5. May tatlong gilid at may tatlong sulok. Kung saan nagtatagpo ang mga linya.



Aralin

1

Contrast sa Hugis at Kulay sa Isang Likhang Sining



Balikan

Sa nakaraang aralin, natutunan mo ang iba't ibang hugis, linya at tekstura na magagamit sa pagguhit ng mga bagay na makikita mo sa iyong kapaligiran.

Ang susunod nating aralin ay tungkol sa mga kaibahan sa pagitan ng mga hugis at kulay sa mga gawain at gawa ng iba. Dito palalaguin natin ang inyong imahinasyon upang makaguhit ng kakaiba sa mga guhit at kulay ng inyong mga kamag-aral.



Tuklasin

Panuto: Basahin at unawain ang maikling sanaysay. (Sa mga batang hindi pa gaanong nakababasa, kailangan ang gabay ng magulang o kaya nang nakatatandang kasama sa tahanan).

Si Pedro at ang Kanyang Kamag-Aral

Magandang umaga ang bati ng mga mag-aaral sa kanilang guro sa MAPEH na si Bb. Matanghari. Masisigla ang mga mag-aaral sa Baitang 2, dahil sa oras na ito ay guguhit at kukulay sila nang ibat-ibang hugis. “Ma’am, ano po ba ang iguguhit natin ngayon?” Hindi sinagot ni Bb. Matanghari ang tanong ng isang mag-aaral, at sinabi lang niya na sila ay tumahimik at ihanda ang mga gagamitin sa gagawin ngayon.

Bago tayo magsimula ng gawain, tayo muna ay umawit ng isang awitin na magbibigay sa atin ng ideya sa ating gawain ngayon. “Pedro, ikaw ang manguna sa inyong kakantahin,” ang sabi ni Bb, Matanghari.

“Tayo ay tumayo at kantahin natin ang Bahay Kubo,” ang sabi ni Pedro.

Bahay Kubo, kahit munti ang halaman duon
ay sari-sari.

Singkamas at talong, sigarilyas at mani,
sitaw, bataw patani.

Kundol, patola, upo't kalabasa
At saka meron pang labanos, mustasa
Sibuyas, kamatis, bawang at luya
Sa paligid-ligid ay puro linga.

"Magaling! Ano-ano ang nabanggit sa awitin na pwede nating iguhit?" ang tanong ni Bb. Matanghari. "Marta?" Tumayo si Marta at sinabi, "Mga halaman po Ma'am." Magaling! Magbigay nga ng isang halimbawa ng halamang nabanggit sa awit?" Ma'am ako po!" ang sigaw ni Kardo." Kardo magbigay nga." Madam talong po." Magaling! Marami pang mga halaman ang nabanggit sa awit. Kaya malaya kayong iguhit ito. Ilagay sa inyong "armchair" ang mga dalang gamit at umpisahan niyo nang gumuhit. Labing-limang minuto lang ang inyong oras upang tapusin ito." Masaya at tahimik na gumuhit ang mga bata.

Sagutin ang mga tanong:

1. Ano ang ipinaawit ni Bb. Matanghari sa mga mag-aaral?
2. Ano-ano ang ipinaguhit ng guro sa mga mag-aaral?




Suriin

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

1. Ano-ano ang mga elemento ng sining na kinakailangan upang matutunan ang pagguhit at pagkulay.
 - A. linya, hugis, at tekstura
 - B. bilog, tatsulok, at parihaba
 - C. lahat ng nabanggit

2. Ano-ano ang mga kagamitan na kailangan sa pagguhit at pagkulay ng isang bagay.
 - A. lamesa, upuan, at pisara
 - B. lapis, krayola, at papel
 - C. lahat ng nabanggit

3. Bakit mahalaga ang pagsasanay sa pagguhit ng iba't-ibang hugis at linya.
 - A. upang matutunan ang mabilis na pagtakbo
 - B. upang matutunan ang mahusay na pagawit.
 - C. upang maging bihasa at mapaunlad ang kakayahan sa pagguhit.



Pagyamanin

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang tamang sagot sa patlang. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

Bagay	Hugis	Imahinasyon	Kulay
Linya	Matiyaga	Pakurba	Tuwid

Ang mga _____ ay kailangan upang makaguhit ng mga _____ at makabuo ng magandang obra na kakaiba sa mga ginuhit ng kamag-aral. Ang mga linyang _____, at _____ ay mahalaga para makaguhit. Upang maging maganda naman ang obrang ginawa, kailangan gumamit ng _____ upang maging kaaya-aya ito sa paningin ng iba. Kailangan din maging _____ sa pagguhit upang malinang ang kakayahan ng bawat isa. Maari ding gamitin ang _____ upang makaguhit ng maganda. Ang kakayahang gumamit ng linya ay isang mahalagang pagkatuto sa pagguhit ng mga _____ na magbubuo sa mga gusto nating iguhit.



Isaisip

Ang mga guhit at disenyo ay isang mahalagang bagay sa kasaysayan ng ating lahi, dahil ipinakikita nito ang mga kaganapan sa ating bansa. Dito rin mailalarawan ang mga magagandang tanawin at kahalagahan sa ating buhay. Ang mga linya, hugis at tekstura ang nagbibigay buhay sa ating gustong iguhit sa ating imahinasyon. Kailangan nating sanayin ang ating kakayahan sa pagguhit upang maging bihasa tayo dito. Ang kasanayang ito ay mahalaga upang mayroon tayong matibay na sandata sa pagharap sa ating buhay.



Isagawa

Panuto: Sa iyong sagutang papel, gumuhit ng isang disenyo gamit ang mga hugis tulad ng tatsulok , bilog , parisukat , parihaba , at puso .



Tayahin


Panuto: Isulat sa papel ang iyong sagot sa mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang iyong naramdaman ng makaguhit ka ng isang disenyo?
2. Ano-ano ang iyong natutunan sa iyong ginawa na pagguhit?
3. Paano mo mapapaganda ang iyong disenyo para maging kaakit-akit ito sa paningin ng iba?
4. Anong magandang maitutulong sa buhay ng tao ang iyong natutunan sa gawaing ito?



Karagdagang Gawain

Panuto: Iguhit at kulayan ang mga hugis na makikita sa loob ng kahon. Gawin ito sa iyong sagutang papel.





Susi sa Pagwawasto

Tayahin 1-4 Maraming posibleng kasagutan.	Pagyamanin 1. Linya 2. Hugis 3. Tuwid 4. Pakurba 5. Kulat 6. Matiyaga 7. Imahinasyon 8. Bagay	Suriin 1. A 2. B 3. C
Tuklasin 1. Bahay kubo 2. Mga halaman mula sa "Bahay kubo"	Subukin 1.  2.  3.  4.  5. 	

Sanggunian

Rolando V. Ramilo, Fe P. Pabilonia, Kristel Iris E. Igot and Marco A. Catacutan *Music, Arts, Physical Education and Health* (Philippines: Rex Book Store, INC, 2013), 168-171.

Carmelita Orseo et al, *Developing Mind nad Body Thorugh MAPEH* 1 (Mind Builders Publishing House,2006)

LRMDS "Learning Resource Portal" *DepEd Learning Portal*. Last modified May 2016. <http://lrmds.deped.gov.ph/>

Krichelle A. Tungpalan, EdD, *MAPEH for Filipinos 1* (St. Andrew Publishing House, Philippine Copyright 2016)

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpdpd@deped.gov.ph